## Pansamantalang Hakbang tungkol sa Itinalagang Supot ng Basura ng Lungsod ng Hamamatsu

Ang 「Itinalagang Supot ng Basura ng Lungsod ng Hamamatsu」 ay nagkukulang o nauubos na sa ilang tindahan sa lungsod dahil sa pagbili ng masyadong marami/panic buying dahil sa lumalaking pag-aalala sa pandaigdigang sitwasyon. Dahil dito, pansamantalang magpapatupad ng espesyal na hakbang para pahintulutan ang pagtatapon ng basura gamit ang ibang supot na hindi itinalagang supot ng basura ng lungsod, ayon sa nakasaad sa ibaba.

Kinumpirma ng mga gumagawa ng itinalagang supot ng basura ng lunsod na maaari silang gumawa ng parehong dami tulad ng karaniwang produksyon bawat taon.
Upang makatugon sa pangangailangan, kinumpirma ng mga gumagawa ng supot ng basura na patuloy silang gagawa ng sapat na dami ng mga supot ng basura. Hinihiling namin ang inyong pag-unawa at pakikipagtulungan na iwasan ang labis na pagbili (panic buying) upang magkaroon ng sapat na suplay para sa lahat.

●Bilang pangunahing patakaran, gamitin po ang 「Itinalagang Supot ng Basura ng Lungsod.」


●Kung sakaling walang mabiling itinalagang supot ng basura, maaaring gumamit ng transparent o semi-transparent na supot para sa pagtatapon ng basura. (Tingnan ang detalye sa ibaba.)

●Mula： Mayo 18, 2026 (Lunes) hanggang Hunyo 30, 2026 (Martes)

●Mga basurang maaaring itapon gamit ang ibang supot ng basura: nasusunog na basura, hindi nasusunog na basura, at mga plastik na lalagyan at balot na may markang （プラ）.

※ Pagkatapos ng itinakdang panahon, babalik sa karaniwang patakaran na paggamit ng itinalagang supot ng basura para sa pagtatapon ng basura.

### ◯Mga uri ng supot na maaring gamitin




◯Transparent o semi-transparent na kita ang laman
◯Supot na may sukat na mula 10L hanggang 45L
◯Supot na maaring itali nang maayos ang bibig

### × Mga supot na hindi maaring gamitin




×Madaling mapunit/masira na tumatagos ang tubig

×Mga opisyal na supot ng basura ng ibang Lungsod o Munisipalidad

Para sa kaligtasan ng mga nangongolekta ng basura at maayos na operasyon ng pasilidad ng basura, mangyaring sundin ang mga patakaran sa pagtatapon ng basura.

Para sa mga katanungan, makipag-ugnayan sa Seksyon para sa Pangkalahatang Patakaran sa Basura ng Departamento ng Kapaligiran ng Lungsod ng Hamamatsu.
TEL053-453-0011（Maliban sa Sabado, Linggo, at mga piyesta opisyal.）